ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANG AKADEMIKONG PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL KAUGNAY SA PILING BARYABOL

**Catherine H. Emeterio, Raymund L. Santiago, PhD.**
*La Carlota City College, La Carlota, Negros Occidental, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra20135
**DOI No: 10.36713/epra20135**

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol sa antas ng kasanayan at ugnayan nito. Kasangkot ang mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng pampublikong paaralan; matukoy ang demograpikong pagkakakilanlan, masukat ang antas ng kasanayan, at matuklasan ang ugnayan. Tumugon ang teoryang 'error analysis' sa larangan ng applied linguistics ni Corder. Ginamit ang kwantitatibong descriptive-correlational sa bilang, paglalarawan, at pag-aanalisa ng mga baryabol upang makakuha ng wastong resulta. Ginamit ang sulating sanaysay langkap ang standardized rubrik at model text. Gamit ang ilang statistical tools, natuklasang lamang ang edad 16-17 taong gulang kaysa sa 18 taong gulang at pataas. Maraming babae kaysa sa lalaki at lamang ang pinakamababang sahod sa buwanang kita ng mga magulang/katiwala. Sa antas ng akademikong pagsulat, katamtamang husay sa nilalaman at gramatika ngunit mahusay sa mekanismo. Walang makabuluhang ugnayan ang nilalaman, gramatika at mekanismo sa edad, kasarian at buwanang kita ng mga magulang/katiwala ngunit may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mekanismo sa kasarian. Karamihan sa mga mag-aaral, hindi gaanong matatas at bihasa sa pagsulat ng nilalaman at gramatika bagama't napatunayan na mahusay sa mekanismo. Napagtantong bumuo ng intervention plan na naglalaman ng gabay at tuntunin sa mabisang kasanayan sa akademikong pagsulat.*

**KEYWORDS:** *Akademikong Pagsulat, Mag-aaral, Nilalaman, Gramatika, Mekanismo,*

## PANIMULA

Ang kaisipang nais isalin gamit ang pagsulat ay hindi madali kung walang sapat na kaalaman sa istruktura at estilo nito. Ang pagsulat ay isa sa pinakamahalagang kasanayan na hinuhubog ng mga mag-aaral tungo sa epektibo at mabisang pakikipagtalastasan. Ayon kay Manalus (2021), ang pagsulat ay isang makrong kasanayan kung saan ang kaalaman o ideya ng tao ay isinasalin sa pamamagitan ng mga titik at mga simbolo. Sa kabila nito ang mga ideya ay nakaayos sa isang hanay ng mga pangungusap na nag-uugnay sa isa't isa upang maunawaan ang nilalamang nais ipahiwatig at ang nababasa, nakikita, o nararanasan ng isang tao ay inilipat sa papel gamit ang kaalaman ng mga kumbensiyon sa wika at mga proseso ng pagsulat upang makabuo ng mga makabuluhang uri ng teksto (Noprianti, 2023). Ngunit, kapag ang pagpapahayag ay nasa pormal na pamamaraan ito ay akademikong pagsulat na may sinusunod na tuntunin at gabay sa paggamit tulad ng nilalaman, gramatika, at mekanismo (Huber, 2018). Pinagtibay pa ito nina Resuello at Funclara na binanggit sa pag-aaral ni Sacay (2023), mahalagang matutuhan ang wastong pagpili ng mga salita, mabisang pagbubuo ng mga pangungusap at maayos na pagkasunod-sunod ng mga kaisipan. Kailangang maging maingat sa paggamit ng gramatika sapagkat napapansin maging ang pinakamaliit na pagkakamali. Higit na mahirap ang pagpapahayag sa pamamagitan ng pasulat kaysa sa pagsalita sapagkat sa pagsasalita ay maaaring hindi gaanong mapansin ng mga nakikinig ang ilang kakulangan sa gramatika ngunit ang mga naturang kakulangan ay maaaring mapuna kapag ang sinasabi ng nagsasalita ay nakasulat.

Ukol sa pag-aaral ni De Los Reyes (2021), ang mga mag-aaral na mahina sa Filipino ay nagkakamali sa pasulat na gawain. Ang Filipino ay pormal na ipinapakilala sa mura pang edad, day care o kinder garten, marami pa rin ang kakulangan sa pag-unawa ng gramatika kahit sila ay nasa senior high school. Sa kabilang banda, mahalagang malaman at maunawaan ng mag-aaral sa panahong ito na tumataas ang antas ng pagsulat, mas inaasahang sa mataas na baitang ay may kahusayan na sa pagbuo ng akademikong pagsulat. Kung hindi maunawaan ang matatas na pagsulat, walang kabuluhan na makagawa ng maayos na sulatin gaya nang inaasahan.

Batay sa mga nabanggit na pag-aaral, malinaw na ang akademikong pagsulat ang isa sa kasalukuyang suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral. Kaya't ang pag-aaral ay nakabuo ng siyentipikong ideya na alamin ang kalagayan ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol sa antas ng kasanayan at kabuluhang ugnayan nito sa mga mag-aaral na makatutulong at aagapay sa mabisang pagkatuto.

### Sanligang Panteoretikal

Taong 1960's sa pangunguna ni Stephen Pit Corder at ng kaniyang mga kasamahan, mabusising natuklasan at pinagkaalaman ang teoryang "Error Analysis" (Yilmaz at Demir, 2020). Ipinakilala ng applied linguistic activity ang error analysis, ito ay may dalawang tungkulin: theoretical at practical. Ang theoretical aspect of error analysis ay isang pamamaraan sa pagsisiyasat sa pagkatuto ng wika. Para matuklasan ang paraan na ito, kinakailangang matukoy o masukat ang kaalaman ng mag-aaral sa pinuntiryang wika at anumang partikular na gawain sa pagkatuto upang maiugnay ang kaalaman sa mga itinuturong natatanggap. Habang ang practical aspect of error analysis tungklin nito na gabayan ang mag-aaral gamit ang pantulong na magbibigay solusyon o pagwawasto sa mga kalagayang hindi inaasahan (Siddiqui et al., 2019). Mayroong dalawang uri ng errors: ito ay systematic at non-systematic errors. Ang systematic errors ay tinatawag na competence errors, na naipapakita ang antas ng kakayahan sa mag-aaral. Kasalungat naman nito ay ang non-systematic errors, naipapakita ito bilang errors of performance, dulot ng mga salik mula sa panloob o panlabas na pagganap (Shousha et al., 2020).

Alinsunod sa teoryang "Error Analysis" na nabanggit mula pag-aaral ni Corder, ito ay siyentipikong pananaw ukol sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol na mas higit na pinagtibay na gagamitin ng mananaliksik. Gamit ang dalawang tungkulin una ang theoretical aspect of error analysis para sukatin ang antas ng akademikong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagsulat ng mga mag-aaral at practical aspect of error analysis tulong sa mga mag-aaral upang maipamalas ang kasanayan at galing sa akademikong pagsulat. Sunod, ang dalawang uri ng error analysis, una ang systematic errors ang kasanayan na ipapamalas ng mga-aaral sa akademikong pagsulat sa nilalaman, gramatika at mekanismo at ikalawa ang non-systematic errors maaaring sa dulot ng edad, kasarian, at buwanang kita ng mga magulang o katiwala ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay layuning mapag-alaman ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol ng senior high school sa isa sa mga pampublikong paaralan sa taong panuruang 2023-2024. Kaugnay sa pananaliksik na ito na naglalayong makakalap at malaman ang mga kasagutan sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga demograpikong pagkakilanlan ng mga mag-aaral alinsunod sa:
   1.1 Edad;
   1.2 Kasarian; at
   1.3 Buwanang kita ng mga magulang o katiwala?
2. Ano ang antas sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kapag pinangkat batay sa piling baryabol tulad ng:
   2.1 Nilalaman;
   2.2 Gramatika; at
   2.3 Mekanismo?
3. May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng akademikong pagsulat kapag pinangkat batay sa piling baryabol tulad ng nilalaman, gramatika at mekanismo sa pagkakilanlan ng mga mag-aaral:
   3.1 Edad;
   3.2 Kasarian; at
   3.3 Buwanang kita ng mga magulang o katiwala?
4. Anong programang maimumungkahi na magbibigay tulong sa mga mag-aaral upang maipamalas ang kasanayan at galing sa akademikong pagsulat?

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

**Akademikong Pagsulat**. Ito ang huhubog sa kasanayan ng isang indibidwal tulad ng paglimbag ng mabisang sulating pananaliksik na kinakailangan sa pandaigdigang mapagkumpetensya, ang kasanayang ito ay bukas sa lahat ng personalidad at daan tungo sa inaasam na matagumpay na propesyon bagkus kilala at bihasa sa akademikong kursong kinatatayuan. Ang kaibahan ng akademikong pagsulat sa karaniwang pagsulat ay paraang nagpapahayag ng pormal sa natatanging paksang tinatalakay.

**Nilalaman.** Ang buong kaisipan na naghahatid ng ideya at kahulugan sa pagsusulat. Ito ay kabilang din sa mga mahalagang elemento sa pagsulat katulad ng bokabularyo, coherence, gramatika, pagkamalikhain, at hustong haba, ngunit batay sa mga elementong ito ay na nanatiling malabo o hindi nabigyan ng sapat na kritikal na atensiyon (Sato, 2024).

**Coherence.** Sa pag-aaral nina Mohseni at Samadian (2019), ang coherence ay pumapagitan sa kaugnayan ng mga pangungusap na makabuo ng mahusay na istruktura at malinaw na pangungusap. Kaya't pinagtibay nina Araujo et al. (2024), ang coherence ay mga pangungusap sa isang teksto na pinagsama-sama ng gramatika na may kahulugan at kung paano ang mga salita at pangungusap ay nag-uugnay sa bawat isa upang makabuo na malinaw at lohikal na teksto.

**Cohesion.** Ang mga manunulat ay bumubuo ng istrukturang may kahulugan sa mga magkaugnay na pangungusap na kung tawagin ay cohesion (Mohseni at Samadian, 2019). Ayon kina Araujo et al. (2024), maaaring gumamit ng cohesive tools tulad ng transiyonal na salita, panghalip, pag-uulit at iba pang elemento na makatutulong sa pag-uugnay ng pangungusap.

**Kaugnayan sa Paksa**. Sa pag-aaral nina Hu et al. (2020), higit na magaganyak ang mag-aaral sa pagsulat kung sila ay malayang pumili ng paksa sapagkat nakatutulong ito na paunlarin ang napiling paksa o paunlarin ang paksa, kung sila ay mas interesado sa paksang isusulat, inaasahang magiging daan sa malaking tagumpay. Dagdag pa nina Alzubi at Nazim (2024), ay magiging daan upang pahalagahan ang kaugnayan ng paksa at maghanap pa ng bagong impormasyon na nauugnay rito.

**Hustong Haba**. Ang haba ng teksto ay kabuoang bilang ng mga salita, at kung gaano karami ang nakasulat (Sato, 2024). Ayon sa pag-aaral ni Nikolayeva (2019) ito ang isa sa mga isyung binabanggit ng mga mag-aaral bilang pagsubok sa pag-unawa sa binabasa, mas mahirap pakitunguhan para sa mga mag-aaral lalo na kung pangalawang wika lamang ito. Ang 600-salitang pagbabasa ay maaaring maglaman ng mga pangunahing elemento na kinuha bilang batayan sa pagsusog sa hustong haba ng teksto.

**Gramatika.** Ito ay may pamantayang sinusunod na nagtuturo kung paano pagsamahin at ayusin ang mga salita, parirala, at sugnay upang magamit ng naaayon sa wastong komunikasyon (Wilson, 2022). Hinggil ni Francis sa pag-aaral ni Marincel (2018), ito ay hinahanay sa pormal na anyo kung saan ang mga salita sa isang wika ay inaayos sa wastong pagkasusunod-sunod para maghatid ng buong diwa

**Wastong Anyo ng Salitang Ginamit.** Ito ang magbibigay na mabisa, magaan, malinaw, at pag-unawa sa istruktura ng pangungusap, may nakahanay ng pamantayan o prinsipyo sa pagpapagana ng wika dahil ito ay sistematiko (Aniuranti et al., 2022). Hinggil sa pag-aaral nina Panganiban et al. (2019), sa kaayusan ng pangungusap ay humihiling magkabagay-bagay at magkaugnay-ugnay ang mga salitang pinagsasama-sama o pinagkakabit-kabit sa pagbuo ng mga pangungusap. Ang ganitong paraan na pagsasaalang-alang ay maiiwasan ang walang saysay na pagsusunod-sunod ng mga salita gayundin ang mga salitang paulit-ulit nang nagagamit.

**Pagpili ng mga Angkop na Salita.** Ang pagpili ng mga salita ay nag-aatas na maiging kilalanin muna bago isali o gamitin sa pangungusap ang magiging kahulugan o ginagampanan nito at tungkulin sa bawat salita, at saka, sa dalawa o ilan mang salitang nag-uugnay at naghahawig ukol sa angkop na kahulugan na hihiranging mas lalong lumulutang ang ibig ipahayag nito (Panganiban et al., 2019).

**Syntactic Complexity.** Mahalaga ang pag-aaral ng syntax sapagkat tumutulong ito na ilarawan ang anyo ng wika sa mas mabisa at malinaw gayundin, paganahin ang pag-iisip na suriin ang istruktura ng wika ng sistematiko at tahasang paraan (Leba, et al., 2021). Ang mahalagang salik na mag-uugnay para mabuo ang kontekstong syntactic at complex sa haba ng pangungusap ay nasusukat sa tuntunin ng salita, bilang ng sugnay, titik at pantig (Zhang at Kang, 2022).

**Lexical Range.** Ang salitang lexical ay nagbibigay ng makabuluhang kahulugan sa mga natatanging salita (Syahfitri,2021). Ito ay nakatuon sa tuwirang pagkaiba-iba at saklaw ng bokabularyo at maiwasan ang paggamit ng paulit-ulit na salita sa isang malawak na hanay upang makamit ang lexical diversity (Susoy, 2023).

**Mekanismo.** Ang mekanismo ay tumutukoy sa mukha ng mga salita, kung paano sila binabaybay o isinasaayos sa sulating papel na nagtatangkang naaayon at malinaw na may aspetong buo at perpekto ang pagkasulat nito. (Abbas at Asy'ari, 2019). Kinakailangang pagtuunan ng pansin ang tamang paglalagay ng bantas, pagbabaybay at gamit ng malaki at maliit na titik (Puspitasari, 2019). (Abbas at Asy'ari, 2019).

**Paggamit ng Bantas.** Ito ay nakatutulong upang maihatid ang tiyak na kahulugan ng isang pangungusap at nagagawa rin nitong baguhin ang kahulugan kapag hindi naaangkop ang bantas. (Abbas at Asy'ari, 2019). Tulad sa isang pag-aaral na maraming mga mag-aaral na nahihirapan sa paggamit nito, halimbawa na lamang kapag gumagamit ng kuwit imbis na tuldok, tutuldok imbis na tuldok-kuwit o tandang pananong na dapat ay tandang padamdam (Garduce at Baluyos, 2023).

**Pagbabaybay ng Salita.** Ang pagbabaybay ay kakayahan ng mag-aaral na magsulat na wastong titik ng mga salita, kung walang alam tungkol sa pagbabaybay, hindi magagawang maisulat ng tama ang pangungusap na magdudulot ng kalituhan sa salita, pangungusap o talata (Noprianti, 2023)

**Paggamit ng Malaki at Maliit na Titik.** Ang malaki at maliit na titik ay pagsulat ng salita na may malaking titik sa unahan at ang mga natitirang titik naman ay maliit (Puspitasari, 2019). Ito ay naglalayong patingkarin ang ilang uri ng mga salita sa isang pangungusap tulad ng pantanging pangngalan, pantanging pang-uri at iba pa (Ramos et al., 2022).

**Puwang sa Akademikong Pagsulat.** Ang mag-aaral ay hindi maiwasang nakagagawa ng pagkakamali sa pagpili ng angkop na salita, pagbabaybay o mabigo sa pagtutugma sa pagitan ng simuno, pandiwa, bantas at anumang bahagi ng pangungusap. Kadalasang pagkakamali na nagagawa ay paggamit ng hindi angkop na salita, maling pagbabaybay, maliit at malaking titik, bantas at iba pa (Nguyen et al., 2021). Ayon kay Ulit (2018), ang pagsulat ay mahirap para sa mag-aaral dahil inaasahan na makasulat ng makabuluhang at mabisang sulatin na magpapakita ng kaayusan sa isinagawang sulatin at lalong na kung ang gagamiting wika ay pangalawa lamang sa katayuan ng mag-aaral.

**Ugnayan ng Antas ng Akademikong Pagsulat sa Edad, Kasarian at Buwanang Kita ng mga Magulang o Katiwala**

**Edad.** Ayon kay Belsky (2024), ang pagsusulat ay nangangailangan ng ganap at maayos na pag-iisip sapagkat ang mas nakatatanda ang edad ay bihasa at matatas na makasusulat ng mabisang nilalaman, tahasang talasalitaan o bokabularyo. Iba naman ang ipinakitang ideya nina Qadir et al. (2021) sa kinalabasan ng kanilang pananaliksik at sa pag-aaral na ginawa ni Cheng (2002), na hindi lang nag-iisa ang salik ng pagsusulat bagkus mayroon pang iba tulad ng kanilang paniniwala at mga saloobin.

**Kasarian.** Sa aspeto ng kasarian, mula kina Domantay at Ramos (2018), mas mataas ang bilang ng babae kaysa sa mga lalaki ayon sa kinalabasan pagdating sa pagsusulat sa kadahilanang sila ay nangingibabaw sa populasyon at mga nagagawa o nakakamit sa paaralan. Makikita sa pag-aaral na ang kasarian ay isang salik ng cognitive writing sa pagsulat ng mga mag-aaral ngunit isa sa natunghayan na ang mga babae ay mas nakapagbibigay ng katatasan at kaayusan sa pagsulat. (Al-saadi, 2020). Ito ay sumasalungat sa pag-aaral nina Onuohua at Chukwu (2022), na nagpapakita sa pamamagitan ng kanilang mga datos na walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa akademikong pagsulat sapagkat nauugnay lamang sa galing ng kakayahan at pagkabihasa ng mga mag-aaral sa natatanging larangan.

**Buwanang Kita ng mga Magulang o Katiwala.** Kaugnay sa mga datos na nasaliksik kung saan natuklasan ang makabuluhang ugnayan ng mataas na kita sa mataas na karunungan at ang mababa na kita sa mababa na karunungan (Nadeem et al., 2021). Ito ay sinang-ayunan rin sa pananaliksik nina Idris at Rufus (2021), nagbigay ng ideya na ang estado ng pamumuhay ng mga magulang ay hindi lamang nagbibigay ng epekto o salik sa akademikong mag-aaral pero nagbibigay rin ng epektong hindi makipagsapalaran sa mismong akademikong kapaligiran. Iba sa pag-aaral nina Meyers et al. (2023), mula sa datos na pinakita sa sampung makaaapekto sa akademikong pagsulat, ikalawa ang suliranin sa pinansyal ng pamilya ang hindi sinang-ayunan ng mga mag-aaral na makaaapekto sa kanilang akademikong pagsulat na inamin ng mga mag-aaral ang relasyon sa pamilya ang mas matinding nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

## METODOLOHIYA

### Disenyo

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang descriptive-quantitative at correlational research design. Quantitative design ay tumatalakay sa bilang at pag-aanalisa ng baryabol upang makakuha ng resulta kaugnay sa natatanging pag-aaral (Rashid at Sipahi, 2021). Ang descriptive design ay mailahad ng malinaw kasama ang bilang na nakalap na datos para masukat ang ipotesis o masagot ang mga katanungang tungkol sa kasalukuyang katayuan na isinagawang pag-aaral (Phommavongsa et al., 2021). Samantala, ang correlational research design ay ginagagamit upang maisukat ang hangganan ng pagkaugnay-ugnay ng bawat baryabol at mabigyang kahulugan kung ito ay nauugnay o di-nauugnay (Guia at Legaspi Jr., 2023). Gamit ito matuklasan ng mananaliksik ang pagkakalilanlan at antas ng akademikong pagsulat ng mga tagatugon. Sa kabila nito, masagot ang iba't ibang ugnayan sa piling baryabol.

### Tagatugon

Napili ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa HUMSS strand baitang 11 sa isang pampublikong paaralan, may apat na seksyong binubuo ng 172. Para makuha amg angkop na sample size, ginamit ang Slovin's formula, ukol sa pag-aaral ni Adhikari (2021), sa mga sitwasyon kung saan ang populasyon ay may hangganan at ang mga mananaliksik ay walang sapat na kaalaman tungkol sa pag-uugali ng populasyon upang matukoy ang pinakamainam na laki ng sample, ang pormula na ito ay maaaring gamitin upang tantiyahin ito. Gamit ito, ang nakuhang sample size ng mananaliksik na tutugon sa pag-aaral ay binubuo ng 120. Ginamit ang purposive sampling technique, ayon sa pag-aaral ni Tongco mula kina Khalefa at Selian (2021), maaaring gamitin ang purposive sampling sa ilang mga teknik sa pangangalap ng datos at maaaring ito batay sa sarbey. Kaya naman, nagsagawa ang mananaliksik ng sarbey upang malaman kung sino-sino ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang marka sa asignaturang filipino. Para sa etikal na konsiderasyon minabuti ng mananaliksik na sumangguni sa tagapayo.

### Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik ay model text mula sa istruktura at balangkas ng sentral sa pagsulat ng Pamantasan ng Minnesota na magsisilbing gabay sa pagsulat ng sanayasay pang-akademiko. Ang tagatugon ang magpapasya ng paksang isusulat gamit ang sarbey na naglalaman ng iba't ibang pagpipiliang paksa at malayang isulat ang nais pang paksa kung kinakailangan. Sa kabila nito ginamit ang standardized rubrik sa pagwawasto na naglalaman ng mga tuntunin sa akademikong pagsulat na hinati sa tatlo; nilalaman (coherence, cohesion, kaugnayan sa paksa at hustong haba), gramatika (wastong anyo ng salitang ginamit, pagpili ng mga angkop na salita, syntactic complexity at lexical range), at mekanismo (paggamit ng bantas,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagbabaybay ng salita at paggamit ng malaki at maliit na titik (Fisne et al., 2022).

**Pamamaraan sa Pangangalap at Pagsusuri ng mga Datos**
Ang mananaliksik ay nagpadala ng liham sa punong-guro at punong tagapayo upang humingi ng pahintulot na payagang sumagot sa ang mga tagatugon sa inihandang instrument ng mananaliksik para mabuo ang inaasahang bilang at angkop na datos. Matapos mapahintulutan ang paaralan, ang mananaliksik ay nagpadala rin ng liham sa mga piling mag-aaral kung saan nakasaad sa ang pamamaraan ng mananaliksik kabilang ang matapat at pakikiisa sa gawaing ito. Dahil menor de edad ang mga tagatugon minabuting bigyan ng parental consent ang kanilang mga magulang.

Ang mga tagatugon sila ay naglaan ng oras upang sagutan ang mga hinihinging detalye at gamit ang model text, ito ang magsisilbing balangkas at gabay ng mga mag-aral upang makabuo ng sanaysay pang-akademiko. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga dalubhasa sa wikang Filipino at linggwistika para sa pagwawasto gamit ang inihandang liham. Ginamit ang standardized rubrik para masukat at maihanay ang kasanayan ng tagatugon. Para mapagtagumpayan at makamit ang inaasam na kalalabasan, sinuri at nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa isang eskperto sa estadistiko upang magabayan ang paghahanay ng datos.

## PAGLALAHAD AT RESULTA NG DATOS

**Demograpikong Pagkakilanlan ng mga Tagatugon**
Ang talahanayan 1 ay ipinapakita ang demograpikong pagkakilanlan ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian at buwanang kita ng mga magulang o katiwala.

**Talahanayan 1 Demograpikong Pagkakakilanlan ng mga Tagatugon.**

| Propayl | Kategorya | f | % |
|---|---|---|---|
| Edad | 16-17 taong gulang | 105 | 87.50 |
| | 18 taong gulang at pataas | 15 | 12.50 |
| | **Kabuoan** | **120** | **100.00** |
| Kasarian | Babae | 77 | 64.17 |
| | Lalake | 43 | 35.83 |
| | **Kabuoan** | **120** | **100.00** |
| Buwanang Kita ng mga magulang o katiwala | Php 190,400 pataas | 1 | 0.83 |
| | Php 114,240-190,400 | 0 | 0.00 |
| | Php 66,640-114,240 | 4 | 3.33 |
| | Php 38,080-66,640 | 5 | 4.17 |
| | Php 19,040-38,080 | 14 | 11.67 |
| | Php 9,520-19,040 | 26 | 21.67 |
| | Php 9,520 pababa | 70 | 58.33 |
| | **Kabuoan** | **120** | **100.00** |

Mapapansing 87.50% (f=105) ang kabilang sa 16-17 taong gulang samantala, 12.50% (f=15) ay kabilang sa 18 taong gulang at pataas. Mataas ang bilang sa edad 16-17 taong gulang kaysa sa edad 18 taong gulang at pataas. Pinatunayan sa pag-aaral nina Domantay at Ramos (2018), sa mataas na baitang karamihan ang kanilang tagatugon ay nasa edad 16 sumunod ang hanggang 20 taong gulang na kabataang mag-aaral.

Sa kasunod na hanay, ang babae ay may 64.17% (f=77) samantala, 35.83% (f=43) naman ang mga lalaki. Batay sa datos mapapansing marami ang babae kaysa sa lalaki. Ang kinalabasan na resulta ng pag-aaral ay pinatuyan mula sa Philippine Statistics Authority (2018) sa pag-aaral nina Domantay at Ramos (2018), ang populasyon ng Pilipinas ay pinangungunahan ng grupong babae at nangingibabaw sa mga lalaki na maaaring may kinalaman sa kanilang populasyon at mga nakamit na tagumpay.
Makikita sa huling hanay ang buwanang kita ng mga magulang o katiwala, una may 0.83% (f=1) ay kabilang sa Php 190,400 pataas habang Php 114,240-190,400 ay walang nakitaang bilang. Sunod nito, may 3.33% (f=4) kabilang sa Php 66,640-114,240. Pagkatapos, mayroon lamang na 4.17% (f=5) na bilang ang kita ay Php 38,080-66,640. Kasunod, may 11.67% (f=14) ang tumatanggap ng Php 19,040-38,080 at may 21.67% (f=26) ang kabilang sa Php 9,520-19,040. Panghuli, umabot ng 58.33% (f=70) ang bilang sa pagitan ng Php 9,520 pababa. Ang datos ay pinagtibay mula sa kalkulasyon ng 2017 Family Income at Expenditure Survey (FIES), na isinagawa ng Philippine Statistics Authority (Albert et al., 2018).

Mapapansing napakalaki ng bilang sa Php 9,520 pababa ang buwanang kita ng mga magulang o katiwala ng tagatugon na halos umabot ng higit kalahati sa bilang ng mga tagatugon samantala ang natira ay kabilang sa mga sumusunod na buwanang kita hanggang Php 66,640-114,240 at ang may katumbas na pinakamababang bilang ay Php 190,400 pataas. Ang kinalabasan pinagtibay sa pag-aaral nina Albert et al. (2018), batay sa lumabas na napapanahong datos mula Family Income at Expenditure Survey (FIES-PSA 2015a), 40.2% ang mga Pilipinong kabilang sa katamtamang kita o middle-income class, halos lagpas sa kalhati ang mababang kita o low-income class na may 58.4% at 1.4% sa mataas na kita o high-income. Halos hindi nagbago ang mga income class mula noong 2006.

**Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Nilalaman**
Ang talahanayan 2 ay ipinapakita ang antas ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa tuntunin ng nilalaman at nakuhang interpretasyon nito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2 Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Nilalaman.**

| Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Nilalaman | n | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Coherence | 120 | 1.48 | Katamtamang Husay |
| Cohesion | 120 | 1.41 | Katamtamang Husay |
| Kaugnayan sa paksa | 120 | 2.00 | Mahusay |
| Hustong Haba | 120 | 1.35 | Katamtamang Husay |
| **Kabuoan** | **120** | **1.56** | **Katamtamang Husay** |

Tanda: 0.00-0.80=Hindi Mahusay, 0.81-1.60=Katamtamang Husay, 1.61-2.40=Mahusay, 2.41-3.20=Napakahusay, 3.21-4.00=Higit na napakahusay

Sa coherence (M=1.48), cohesion (M=1.41) at hustong haba (M=1.35) ay parehong katamtamang husay samantala ang kaugnayan ng paksa (M=2.00) ay mahusay. Pansinin, ang pinakamataas ay kaugnayan sa paksa, sumunod ang coherence at cohesion habang ang pinakamababa ay hustong haba. Bilang kabuoan sa tuntunin ng nilalaman (M=1.56) ay nasa katamtamang husay.

Nangangahulugang hindi gaanong nahirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat na ipahayag ang nilalaman kaugnay sa paksa dahil ang binigay na paksa ay naaayon sa kanilang hilig. Ukol sa pag-aaral nina Hua et al. (2020), maraming naniniwala na higit na magaganyak ang mag-aaral sa pagsulat kung malayang pumili ng paksa. Dahil makatutulong ito na paunlarin ang napiling paksa o paunlarin ang paksa, kung mas interesado sa paksang isusulat at inaasahang magiging daan sa malaking tagumpay.

Subalit, kung papansining maigi ang natamong antas ng coherence at cohesion ay nasa katamtamang husay lamang. Sumasalamin ito sa natuklasang pag-aaral nina Araujo, et al., (2024), sa isa sa mga pampaaralang institusyon ng Pampanga ay bahagyang mababa ang antas ng kasanayan sa pag-uugnay. Napag-alaman na nahihirapan at hindi alam kung paano gamitin ang cohesive devices ng wasto bunga kung saan walang gaanong kaalaman sa pag-uugnay ng pangungusap at talata.

Bukod pa rito ang natamong antas ng hustong haba ay nasa katamtamang husay rin, pinaliwanag sa pag-aaral ni Nikolayeva (2019), ang haba ng teksto ay isa sa mga isyung binabanggit ng mga mag-aaral bilang pagsubok sa pag-unawa sa binabasa. Ang mas mahahabang teksto ay mukhang mas mahirap pakitunguhan para sa mga mag-aaral lalo na kung pangalawang wika lamang ito.

Kung kaya't ang antas na natamo ng kabuuang nilalaman ay katamtamang husay. Nangangahulugang sa antas ng akademikong pagsulat sa tuntuning nilalaman ay masasabing may kahusayan pa ang mga mag-aaral bagama't hindi ganoong kataas. Pinagtibay sa pag-aaral ni Sato (2024), ang nilalaman ay nanatiling malabo o hindi nabibigyan ng sapat na kritikal na atensiyon. Dahil sa kinalabasan na kakulangan sa paglilinaw at atensyon, karamihan sa pag-aaral tungkol sa pagsusulat ay itinuturing pangkaraniwan lamang ang nilalaman kaysa sa mga elementong naiiba o lagpas pa rito. Kinakailangang sanayin pa ng mga mag-aaral at bigyan ng atensiyon ang tuntuning nilalaman upang makabuo ng sanaysay na nagtaglay ng kaaayusan na mababasa at madaling maiintidihan dahil sa talatang tama ang pagkasusunod-sunod at tiyak na nag-uugnay.

**Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Gramatika**

Ang talahanayan 3 ay ipinapakita ang antas ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa tuntunin ng gramatika at nakuhang interpretasyon nito.

**Talahanayan 3 Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Gramatika.**

| Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Gramatika | n | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Wastong anyo ng salitang ginamit | 120 | 1.85 | Mahusay |
| Pagpili ng mga angkop na salita | 120 | 1.89 | Mahusay |
| Syntactic Complexity | 120 | 1.40 | Katamtamang Husay |
| Lexical Range | 120 | 1.08 | Katamtamang Husay |
| **Kabuoan** | **120** | **1.56** | **Katamtamang Husay** |

Tanda:0.00-0.80=Hindi Mahusay, 0.81-1.60=Katamtamang Husay, 1.61-2.40=Mahusay, 2.41-3.20=Napakahusay, 3.21-4.00=Higit na napakahusay

Sa wastong anyo ng salitang ginamit (M=1.85) at sa pagpili ng mga angkop na salita (M=1.89), ibig sabihin parehong lumalabas na mahusay. Samantala, sa syntactic complexity (M=1.40) at ang lexical range (M=1.08), nangangahulugang parehong katamtamang husay. Kung papansinin ang mas umangat ay pagpili ng mga angkop na salita sumunod ang wastong anyo ng salitang ginamit at pagkatapos ang syntactic complexity habang ang may pinakamababa ay lexical range. Bilang kabuoan sa tuntunin ng gramatika (M=1.56) ay nasa katamtamang husay lamang.

Nangangahulugang sa karamihan sa mga mag-aaral ay naitugon ang pagpili ng mga angkop na salita na maiging kinilala bago isinalin at ginamit sa pangungusap ang magiging kahulugan o ginagampanan nito at ang tungkulin sa bawat salita, at saka, sa dalawa o ilan mang salitang ay nag-uugnay at nagkakahawig ukol sa angkop na kahulugan. Bukod dito, isa rin na naipamalas ng mga mag-aaaral ang kaalaman sa wastong anyo ng salitang ginamit, natugunan ang kaayusan ng pangungusap sinikap ng mga mag-aaral na magkabagay-bagay at magkakaugnay ang mga salitang pinagsasama-sama o pinagkakabit-kabit sa pagbuo ng mga pangungusap (Panganiban et al., 2019).

Bagama't sa kabila ng mahusay na kinalabasan sa dalawang tuntunin ng gramatika lumabas na ang syntactic complexity at lexical range ay nasa antas lamang ng katamtamang husay. Mula sap ag-aaral nina Leba et al. (2021) sa pagusuri na ginawa, mababa pa rin ang mga mag-aaral pagdating sa syntactical mula sa lumabas na resulta ng kanilang sulatin. Napansing ang mga mag-aaral ay mahirap pa rin makilala ang pagkakaiba ng iba't

ibang konteksto tulad ng pantig at pangungusap. Sunod ang lexical range, sumasalamin mula sa pag-aaral nina Laosrirattanachai at Likitrattanaporn (2018), napag-alaman sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik ang mga kinalabasan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay madalas na umiiwas sa pagkuha ng mapanganib ng mga hindi pamilyar na bokabularyo at iyon ay isang malaking hadlang na pumipigil sa kanila na maging mas mahusay na mag-aaral sa pagsulat.

Kung kaya't ang antas na natamo ng kabuuang gramatika ay katamtamang husay. Nangangahulugang sa antas ng akademikong pagsulat sa tuntuning gramatika ay masasabing may kahusayan pa ang mga mag-aaral bagama't hindi ganoong kataas tulad ng nilalaman. Ito ay sumasang-ayon sa mungkahi ni Miko (2018), ang gramatika ay isa sa mga kasanayan na kapaki-pakinabang sa proseso ng pagsulat ngunit ang problema, maraming mga mag-aaral na hindi pa rin maiwasang magkamali sa pagsulat para makabuo ng pangungusap upang maging isang talata.

**Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Mekanismo**

Ang talahanayan 4 ay ipinapakita ang antas ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa tuntunin ng mekanismo at nakuhang interpretasyon nito.

**Talahanayan 4 Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Mekanismo.**

| Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Mekanismo | n | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Paggamit ng Bantas | 120 | 2.39 | Mahusay |
| Pagbabaybay ng salita | 120 | 2.40 | Mahusay |
| Paggamit ng Malaki at maliit na titik | 120 | 2.41 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | **120** | **2.40** | **Mahusay** |

Tanda:0.00-0.80=Hindi Mahusay, 0.81-1.60=Katamtamang Husay, 1.61-2.40=Mahusay, 2.41-3.20=Napakahusay, 3.21-4.00=Higit na napakahusay

Sa paggamit ng bantas (M=2.39) at pagbabaybay ng salita (M=2.40), ay parehong mahusay. Panghuli ang paggamit ng malaki at maliit na titik (M=2.41) ay napakahusay. Tingnang maigi, lumalabas na ang pinakamataas paggamit ng malaki at maliit na titik sumunod ang paggamit ng bantas at ang pinakamababa ay pagbabaybay ng salita. Bilang kabuuan sa tuntunin ng mekanismo (M=2.40) ay mahusay.

Ipinapahiwatig na sa paggamit ng malaki at maliit na titik mas magaling at napakahusay ang mga mag-aaral sumunod ang pagbabaybay ng salita at paggamit ng bantas na parehong nakamit ang antas na mahusay. Nangangahulugang sa tuntunin sa paggamit ng malaki at maliit na titik naipamalas ng mag-aaral ang kanilang husay sa paggamit nito. Kaugnay ito sa mga natuklasan, natalakay, at napagpasyahan ng mga mananaliksik na sina Nur'ainy et al., (2023), halos lahat ng mga mag-aaral ay higit na nakabisado ang paggamit ng malaking titik kaysa sa bantas sa pagsulat ng teksto. Batay sa talahanayan, mayroong 3314 (58%) na tamang sagot para sa paggamit ng malaki titik at maliit na titik at mayroong 2572 (41%) na tamang sagot para sa bantas. Naipamalas rin ng mga mag-aaral ang husay sa pagbabaybay ng salita, ayon kay kina Agta et al. (2023), malaki ang naitutulong ng pagbaybay sa mga mag-aaral sa pagbuo ng akademikong pagsulat sapagkat sa pagbabaybay ay natutunan na magbasa, magsulat ng mga titik at salita hanggang makalikha ng isang pangungusap.

Sa paggamit ng bantas pansinin sa tatlo ito ang mababa. mag-aaral. Tumugma ito sa pag-aaral ni Al-Khalil (2022) mula sa pananaliksik nina Garduce at Baluyos (2023), batay sa kanilang natuklasan marami mga mag-aaral na nahihirapan sa paggamit nito, halimbawa na lamang kapag gumagamit ng kuwit imbis na tuldok, tutuldok imbis na tuldok-kuwit o tandang pananong na dapat ay tandang padamdam.

Sa kabuoan ang antas na natamo ng mekanismo ay mahusay, batay sa isang pag-aaral ang paggamit ng mahusay na mekanismo ay isang aspeto na masasabing buo at perpekto, sa pagkakaroon ng mabisang mekanismo sa pagsulat, makatutulong ito sa mambabasa na madaling basahin at makaaakit ito ng mas maraming mambabasa (Abbas at Asy'ari, 2019).

**Ugnayan sa Pagitan ng Akademikong Pagsulat kapag Pinangkat Batay sa Piling Baryabol ng Nilalaman, Gramatika, at Mekanismo sa Edad**

Ang talahanayan 5 ay ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagsulat kapag pinangkat batay sa piling baryabol ng nilalaman sa edad. Mapapansin sa edad ng 16-17 taong gulang, may (4) sa higit na napakahusay, may (15) naman sa napakahusay, sunod (40) sa mahusay samantala may (19) sa katamtamang husay at para naman sa hindi mahusay ay (27). Bukod pa rito, sa edad 18 taong gulang at pataas ay walang (0) may nakakuha ng higit na mahusay ngunit (3) sa napakahusay at mahusay. Samantala, (2) sa katamtamang husay at (7) sa hindi mahusay. Pansining maigi, sa edad 16-17 taong gulang, mataas ang bilang sa nakakuha ng mahusay pagkatapos ang pinakamababa naman ay ang higit na mahusay. Samantala ang edad 18 taong gulang at pataas mas angat ang hindi mahusay at mababa naman ang higit na mahusay.

Sa kabuoan, mataas ang bilang ng mahusay na umabot ng (43), kasunod sa mataas na bilang ang hindi mahusay na may (34), mayroong (21) sa katamtamang husay, pagkatapos may (18) naman ang napakahusay at ang pinakamababa naman ang higit na napakahusay na nakakuha ng (4).

Mapapansin na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikong pagkakilanlan ng edad sa antas sa akademikong pagsulat ng mag-aaral sa tuntunin ng nilalaman, dahil mataas ang significance value na nasa talahanayan kaysa sa 0.05 level significance value kung tingnan ng maigi ang bilang ng significance value ng edad sa tuntuning ng nilalaman ay 0.239.

**Talahanayan 5 Ugnayan sa Pagitan ng Akademikong Pagsulat kapag Pinangkat Batay sa Piling Baryabol ng Nilalaman sa Edad.**

| Edad | Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Nilalaman | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Higit na Napakahusay | Napakahusay | Mahusay | Katamtamang Husay | Hindi Mahusay | Kabuoan |
| 16-17 taong gulang | 4 | 15 | 40 | 19 | 27 | 105 |
| 18 taong gulang at pataas | 0 | 3 | 3 | 2 | 7 | 15 |
| **Kabuoan** | **4** | **18** | **43** | **21** | **34** | **120** |

Computed value (G) : 0.239
p-value : 0.287
Decision : Accept Ho
Interpretation : Not significant at 0.05 significance level

Ang talahanayan 6 ay ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagsulat kapag pinangkat batay sa piling baryabol ng gramatika sa edad. Pansinin sa edad ng 16-17 taong gulang, may (1) nakakuha ng higit na napakahusay pagkatapos, may (20) sa napakahusay at (27) naman sa mahusay. Kasunod nito, (34) sa katamtamang husay samantala may (19) sa hindi mahusay.

Sa kabilang banda, ang edad 18 taong gulang at pataas ay walang (0) may nakakuha ng higit na mahusay ngunit may (5) sa napakahusay. Samantala, parehong (3) ang nakuha ng mahusay at katamtamang husay at (4) sa hindi mahusay. Pansining maigi, sa edad 16-17 taong gulang, mataas ang bilang sa nakakuha ng katamtamang husay pagkatapos ang pinakamababa naman ay ang higit na mahusay. Samantala sa edad 18 taong gulang at pataas mas angat ang napakahusay at pinamababa sa lahat ang higit na mahusay. Sa kabuoan, mataas ang bilang ng katamtamang husay na umabot ng (37), sunod (30) mahusay, mayroon (27) sa hindi mahusay, pagkatapos (25) ang napakahusay at ang pinakamababa sa lahat ang higit na napakahusay na nakakuha ng (1).

Makikita na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikong pagkakilanlan ng edad sa antas ng akademikong pagsulat ng mag-aaral sa tuntunin ng gramatika, dahil mataas ang significance value na nasa talahanayan kaysa sa 0.05 level significance value kung tingnan ng maigi ang bilang ng significance value ng edad sa tuntunin ng gramatika ay 0.655.

**Talahanayan 6 Ugnayan sa Pagitan ng Akademikong Pagsulat kapag Pinangkat Batay sa Piling Baryabol ng Gramatika sa Edad.**

| Edad | Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Gramatika | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Higit na Napakahusay | Napakahusay | Mahusay | Katamtamang Husay | Hindi Mahusay | Kabuoan |
| 16-17 Taong Gulang | 1 | 20 | 27 | 34 | 23 | 105 |
| 18 Taong Gulang At Pataas | 0 | 5 | 3 | 3 | 4 | 15 |
| **Kabuoan** | **1** | **25** | **30** | **37** | **27** | **120** |

Computed value (G) : -0.100
p-value : 0.655
Decision : Accept Ho
Interpretation : Not significant at 0.05 significance level

Ang talahanayan 7 ay ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagsulat kapag pinangkat batay sa piling baryabol ng mekanismo sa edad. Pansinin sa edad ng 16-17 taong gulang, may (7) nakakuha ng higit na napakahusay pagkatapos, may (44) sa napakahusay at (49) sa mahusay. Kasunod nito, (5) sa katamtamang husay samantala walang (0) may nakakuha ng hindi mahusay.

Sa kabilang banda, ang edad 18 taong gulang at pataas ay walang (0) may nakakuha ng higit na mahusay ngunit may (5) sa napakahusay. Samantala, mayroong (7) ang nakuha ng mahusay, may (3) sa katamtamang husay at walang (0) may nakakuha sa hindi mahusay. Pansining maigi, sa edad 16-17 taong gulang, mataas ang bilang sa nakakuha ng mahusay pagkatapos ang pinakamababa naman ay ang higit na mahusay. Samantala sa edad 18 taong gulang at pataas, mas angat ang napakahusay at pinakamababang bilang sa lahat ang katamtamang husay. Sa kabuuan, mataas ang bilang ng mahusay na umabot ng lim (56), kasunod sa mataas na bilang ang napakahusay na may (49), mayroon namang bilang na (8) sa katamtamang husay, pagkatapos, may (7) naman ang higit na napakahusay at walang (0) nakakuha ng hindi mahusay.

Makikita na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikong pagkakilanlan ng edad sa antas ng akademikong pagsulat ng mag-aaral sa tuntunin ng mekanismo, dahil mataas ang significance value na nasa talahanayan kaysa sa 0.05 level significance value kung tingnan ng maigi ang bilang ng significance value ng edad sa tuntunin ng mekanismo ay 0.107.

**Talahanayan 7 Ugnayan sa Pagitan ng Akademikong Pagsulat kapag Pinangkat Batay sa Piling Baryabol ng Mekanismo sa Edad.**

| Edad | Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa tuntunin ng Mekanismo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Higit na Napakahusay | Napakahusay | Mahusay | Katamtamang Husay | Hindi Mahusay | Kabuoan |
| 16-17 taong gulang | 7 | 44 | 49 | 5 | 0 | 105 |
| 18 taong gulang at pataas | 0 | 5 | 7 | 3 | 0 | 15 |
| **Kabuoan** | **7** | **49** | **56** | **8** | **0** | **120** |

Computed value (G) : 0.388
p-value : 0.107
Decision : Accept Ho
Interpretation : Not significant at 0.05 significance level

Sa pangkalahatang talahanayan, walang makabuluhang ugnayan ang akademikong pagsulat ng nilalaman, gramatika, at mekanismo sa edad ng mga mag-aaral. Nangangahulugang, walang kinalaman ang edad sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ng nilalaman, gramatika at mekanismo. Hindi bumabatay sa edad kung matanda o nakababata dahil sa bawat tuntunin sa akademikong pagsulat na kinalabasan iba't iba ang galing, kakulangan, kahusayan at karunungan na ipinapamalas (Qadir et al., 2021) Ito ay sumasang-ayon sa sa pag-aaral ng isinagawa ni Cheng (2002), na hindi lang nag-iisa ang salik na makaapekto sa pagusulat bagkus mayroon pang iba tulad ng kanilang paniniwal at mga saloobin.

**Ugnayan sa Pagitan ng Akademikong Pagsulat kapag Pinangkat Batay sa Piling Baryabol ng Nilalaman, Gramatika, at Mekanismo sa Kasarian**

Ang talahanayan 8 ay ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagsulat kapag pinangkat batay sa piling baryabol ng nilalaman sa kasarian. Matatanaw sa kasarian ng babae na may (4) na nakakuha ng higit na napakahusay katabi nito na may (13) sa napakahusay at may (31) naman sa mahusay. Pagkatapos (11) sa katamtamang husay samantala (18) naman ang lumabas sa hindi mahusay.

Kasunod, sa kasarian ng lalaki, pansinin na walang (0) may nakakuha ng higit na mahusay bagama't may (5) sa napakahusay. Nakakuha ng (12) ang mahusay, may (10) sa katamtamang husay at (16) sa hindi mahusay.

